

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagbibigay ang Lungsod ng Brampton ng suporta sa upa sa mga nangungupahan at non-profit na mga organisasyon sa mga pasilidad na pag-aari ng Lungsod bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Abril 1, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ni Mayor Patrick Brown na magbibigay ng tulong sa upa ang Lungsod ng Brampton sa maliit na negosyo at non-profit na mga nangungupahan sa buong 41 pasilidad ng Lungsod.

Para makatulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, kasama ang tagubilin mula sa Peel Public Health, ang lahat ng pasilidad ng Lungsod ay mananatiling sarado hanggang sa karagdagang abiso. Dahil sa hindi inaasahan at mahirap na mga panahong ito, kinikilala ng Lungsod ang epekto sa ekonomiya na meron ito sa mga negosyo at mga organisasyon na nangungupahan sa mga pasilidad ng Lungsod.

Batay sa mga rekomendasyon ng Staff ng Lungsod, ipagpapaliban ng Lungsod ang mga bayarin sa upa para sa not-for-profit at maliliit na for-profit na mga nangungupahan sa loob ng yugto na tatlong buwan, at tatanggalin ang mga bayarin para sa mga non-profit na mga nangungupahan na hindi magawang i-access ang bagong mga programa ng Pederal, para sa yugto ng 3 buwan. Ang tulong na ito ay susuporta sa higit sa kalahati ng 81 nangungupahan ng Lungsod.

Kaugnay ng kasalukuyang estado ng mga nangungupahan sa Lungsod, ang ilan ay napilitang magsara dahil sa mga Pamprobinsyang mga kautusan na nagbabawal sa mga hindi mahalagang negosyo, habang ang iba ay pumiling gawin ito para sumunod sa pisikal na pagdistansya.

Tatanggap ang Konseho ng impormasyon sa pasyang ito sa isang ulat sa pagpupulong sa Abril 8 ng Konseho.

Committed ang Lungsod na pananatilihin may-alam ang mga residente ng Brampton at patuloy na magbibigay ng mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19 kapag available na ang mga ito. Para sa karagdagang impormasyon sa mga desisyon sa itaas at sa mga pagsisikap ng Lungsod para suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#).

PIRA-PIRASONG IMPORMASYON

- Sa ngayon ang lungsod ay mayroong 81 nangungupahan sa buong 41 pasilidad.
- Sa kasalukuyan, kumukolekta ang Lungsod ng \$302,134.68 sa upa buwan-buwan. Ang pagtanggap ng upa sa loob ng tatlong buwan para sa lahat ng non-profit na mga organisasyon sa loob ng mga gusaling pag-aari ng Lungsod ay magkakahalaga sa Lungsod ng \$202K.
- Sa kasalukuyan, hindi nililimitahan ng Lungsod ang access sa alinmang inupahang espasyo at ipinaabot sa mga nangungupahan na kanilang pangnegosyong desisyon kung isasara nila o hindi ang kanilang mga operation, dahil patuloy na padadaliin ng Lungsod ang access kung kailangan. Gayunpaman, bilang pagsasaalang-alang sa kasalukuyan at hindi na naranasan dati

na mga sitwasyon, nagsimula na ang ilang nangungupahan sa pagtatanong tungkol sa tulong sa renta sa panahon ng pagsasara.

MGA QUOTE

“Ang pagsuporta sa ating maliit na negosyo at non-profit na mga organisasyon ay mahalaga sa panahon nitong mahirap na pang-ekonomiyang panahon. Habang sarado hanggang sa karagdagang abiso ang City Hall at ang mga pasilidad ng Lungsod, inilipat ng Lungsod ang ating mga bayad sa ating mga vendor mula sa 30 araw papunta sa 14 na araw. Sa araw na ito, gumagawa tayo ng karagdagang pamamaraan sa direktang tulong sa upa sa mga maliliit na profit at non-profit na mga nangungupahan para masuportahan natin ang mga pangkat na ito at ang maliliit na mga negosyo na mahalagang bahagi ng fabric ng komunidad ng Brampton.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Ang Lungsod ay isang tumutulong na partner sa ating maliit na negosyo at non-profit na mga nangungupahan sa higit sa 41 pasilidad ng lungsod. Habang nananatiling sarado ang mga pasilidad ng Lungsod sa Tagubilin ng Pamprobinsya at ng Public Health, ang Lungsod ay nagbibigay ng suporta sa mga negosyo at mga organisasyon na, sa ibang mga pagkakataon, ay isang nakakatulong na pinagmulan ng kita para sa Lungsod. Ang mga anunsyo sa araw na ito ay sumusuporta sa patuloy na mga pangangailangan ng kanilang negosyo sa panahon ng COVID-19, at patuloy tayong makipagtulungan sa kanila sa isang kolaborasyon sa darating na mga buwan.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

“Ngayon, higit magpakailanman, mahalaga para sa ating komunidad na magpatuloy sa pagbibigay ng ligtas, pansuportang lugar para sa mga pinaka-mahina sa mga epekto ng COVID-19. Ang anunsyo sa araw na ito ay nakakatulong sa Boys and Girls Club ng Peel sa paggawa lamang niyan. Gusto kong ipaabot ang aking taos-pusong pasasalamat at pagpapahalaga sa Lungsod ng Brampton at sa Konseho para sa kanilang patuloy na suporta at pagmamahal sa mga kabataan ng Brampton sa panahong ito.”

- Michael J. Gyovai, Ehekutibong Director, Boys and Girls Club ng Peel

“Tinatawag na tahanan ang Brampton ng SportFix nang mahigit sa 30 taon, na nagbibigay ng propesyonal na pang-sports na mga serbisyo sa ating malusog at aktibong komunidad. Kahit na ang lokasyon ng ating tahanan sa South Fletcher’s Sportsplex ay nahaharap sa mahirap na mga panahon bilang bunga ng COVID-19, ang anunsyo sa araw na ito ng Lungsod ng Brampton ay makakatulong sa pagbibigay ng napaka-kailangang suporta sa loob nitong mahirap na panahon.”

- Michael Gout, May-ari, SportFix

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca